


2

Mathematics

Quarter 1–Module 18: Adding 3-Digit Numbers and Hundreds Mentally



Mathematics – Grade 2
Alternative Delivery Mode
Quarter 1–Module 18: Adding 3-Digit Numbers and Hundreds Mentally
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumuo sa Pagsulat ng Modyul

Manunulat/Tagalapat:	Rowena B. Calonzo
Editor:	Perlita G. Pagdanganan, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Agnes R. Bernardo, Nestor P. Nuesca
Tagaguhit:	Rafael E. Martinez, Romarico C. Sarondo
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Gregorio C. Quinto, Jr., Rainelda M. Blanco, Agnes R. Bernardo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran Edukasyon- Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

Mathematics

Quarter 1–Module 18:

Adding 3-Digit Numbers and
Hundreds Mentally

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Mathematics Baitang 2.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. makapag-aadd mentally ng 3-digit numbers at hundreds gamit ang nararapat na istratehiya (M2NS-Ii-28.6)



Subukin

Pagsamahin ang mga bilang gamit ang isip lamang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. $123 + 200 = \underline{\quad}$

2. $165 + 300 = \underline{\quad}$

3. $275 + 200 = \underline{\quad}$

4. $342 + 300 = \underline{\quad}$

5. $717 + 100 = \underline{\quad}$

Aralin**1****Adding 3-Digit Numbers
and Hundreds Mentally*****Balikan***

Pagsamahin ang mga sumusunod. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. $121 + 70 = \underline{\quad}$

2. $150 + 50 = \underline{\quad}$

3. $300 + 70 = \underline{\quad}$

4. $400 + 10 = \underline{\quad}$

5. $540 + 60 = \underline{\quad}$

***Tuklasin***

Mas palalimin pa natin ang kakayahan mong magsuma gamit lamang ang iyong isip.

Halina at tunghayan natin ang kuwento tungkol sa ating kaugalian na pagtatanim.

Ugali na nating mga Pilipino ang pagtatanim ng halaman. Pagtatanim sa bakuran gamit ang mga lata, paso, at iba pang plastik na bote. Mayroon din namang

pagtatanim sa bukid ng iba't ibang gulay o di kaya ay palay. Ating bigyan ng pansin ang bilang ng mga halaman na ating itinatanim.



Sa klase ni Ginoong Joselito ay pinagdala niya ng iba't ibang klase ng buto ang kaniyang mga mag-aaral. Hinati niya ang klase sa tatlong grupo. Ang unang grupo ay nagdala ng 250 na buto ng ampalaya at 110 na buto ng okra. Ang ikalawang grupo naman ay nagdala ng 320 na buto ng ampalaya at 50 na buto ng pipino. Ang ikatlong grupo ay nagdala ng 60 na buto ng kalabasa at 100 na buto ng okra.

Narito ang bilang ng mga buto na nadala ng mga mag-aaral ni Ginoong Joselito.

Grupo	Ampalaya	Okra	Kalabasa	Pipino
1	250	200	0	0
2	300	0	0	50
3	0	100	60	0

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang ipinadala ng guro?
2. Ilan lahat ng buto ng gulay ang nadala ng mga mag-aaral?
3. Anong grupo ang nagdala ng may pinakamaraming buto?
4. Ilan lahat ng buto ng ampalaya ang nadala ng buong klase ng Baitang 2?
5. Ilan lahat ng buto ng okra ang nadala ng buong klase ng Baitang 2?



Suriin

Mula sa binasang kuwento, makukuha natin ang kabuuang bilang ng buto ng ampalaya na dala ng una at ikalawang grupo kung ating pagsasamahin ang mga ito.

Buto ng ampalaya

250-	dala ng unang grupo
<u>+ 300-</u>	dala ng ikalawang grupo
550-	kabuuang bilang ng buto ng ampalaya na dala ng una at ikalawang grupo

Merong tayong iba't ibang estratehiya na magagamit upang makapagsuma ng mas mabilis at gamit ang isip lamang.

Narito ang mga estratehiyang makatutulong sa iyo.

1. Partial Sums

Ang **partial sums** ay paraan ng pagsasama ng bilang gamit ang kanilang value.

Halimbawa:

$$\begin{array}{r}
 457 \\
 + 300 \\
 \hline
 400 + 300 = 700 \\
 50 + 0 = 50 \\
 7 + 0 = 7 \\
 \hline
 757
 \end{array}$$

2. Decomposing Sums

Ang **decomposing sums** ay paraan na hinahati ang mga bilang sa bawat parte.

Halimbawa:

$$\begin{array}{l}
 350 + 100 = N \\
 300 + 50 + 0 + 100 = N \\
 300 + 100 + 50 = N \\
 400 + 50 = N \\
 450
 \end{array}$$

Paghiwalayin ang mga numero



Iayos ang mga bilang

3. Compensation Method

Ang compensation method naman ay paraan na niraround-up ang isang number at saka babawasan sa kabuuan.

Halimbawa:

$$248 + 300 = N$$

$$250 + 300 = N$$


$$550 - 2 = \mathbf{548}$$



Magdagdag ng 2
sa 248



Ibawas ang
idinagdag na 2



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Ibigay ang tamang sagot sa mabilisan na paraan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot. Maaaring gumamit ng kahit na anong paraan ng pagsusuma.

1. $303 + 100 = \underline{\hspace{2cm}}$

2. $275 + 200 = \underline{\hspace{2cm}}$

3. $324 + 400 = \underline{\hspace{2cm}}$

4. $356 + 400 = \underline{\hspace{2cm}}$

5. $491 + 300 = \underline{\hspace{2cm}}$

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Isulat sa sagutang papel kung ang isinasaad ng addition sentence ay Tama o Mali.

1. $150 + 400 = 550$
2. $180 + 300 = 580$
3. $240 + 700 = 940$
4. $390 + 400 = 470$
5. $410 + 500 = 910$

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Kumpletuhin ang number bonds. Gayahin sa sagutang papel ang nasa ibaba at ilagay ang iyong sagot sa loob ng kahon.

1.

$$\begin{array}{r} 154 \\ + \\ 100 \end{array} \rightarrow \boxed{}$$

2.

$$\begin{array}{r} 235 \\ + \\ 400 \end{array} \rightarrow \boxed{}$$

3.

$$\begin{array}{r} 349 \\ + \\ 300 \end{array} \rightarrow \boxed{}$$

4.

$$\begin{array}{r} 356 \\ + \\ 600 \end{array} \rightarrow \boxed{}$$

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Isulat ang salitang **KOREK** sa sagutang papel kung ang addition sentence ay wasto at **MALI** kung hindi.

1. $163 + 200 = 363$
2. $180 + 500 = 580$
3. $480 + 100 = 880$
4. $410 + 300 = 710$
5. $685 + 200 = 905$

Malayang Pagsasanay 1

Gamit ang tsart sa ibaba, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa papel ang iyong sagot.

Paaralang Sentral ng Makabayan		
Baitang	Lalaki	Babae
Baitang 1	200	233
Baitang 2	212	300
Baitang 3	200	286
Baitang 4	200	276
Baitang 5	234	100
Baitang 6	100	244

1. Ano ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa Baitang 2?
2. Ano ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa Baitang 1?
3. Kung pagsasamahin ang bilang ng mga batang babae sa Baitang 4 at 5, ilan ang kabuuang bilang?
4. Kung pagsasamahin ang bilang ng mga batang lalaki sa Baitang 5 at 6, ano ang kabuuang bilang ng

mga batang lalaking mag-aaral sa dalawang Baitang?

5. Kung pagsasamahin ang bilang ng batang lalaki sa Baitang 1 at 2, ilan lahat ang kabuuang bilang?

Malayang Pagtatasa 1

Isulat sa sagutang papel ang kabuuan ng bawat bilang.

1. $463 + 300 = \underline{\hspace{2cm}}$
2. $325 + 400 = \underline{\hspace{2cm}}$
3. $654 + 100 = \underline{\hspace{2cm}}$
4. $516 + 800 = \underline{\hspace{2cm}}$
5. $178 + 700 = \underline{\hspace{2cm}}$

Malayang Pagsasanay 2

Hanapin sa Hanay B ang kabuuang bilang ng mga sumusunod na nasa Hanay A mentally. Isulat sa papel ang titik ng iyong sagot.

HANAY A

1. $547 + 100 = \square$
2. $480 + 500 = \square$
3. $157 + 600 = \square$
4. $257 + 800 = \square$
5. $387 + 400 = \square$

HANAY B

- A. 647
- B. 757
- C. 787
- D. 980
- E. 1057

Malayang Pagtatasa 2

Pagsamahin ang mga sumusunod na bilang gamit lamang ang iyong isip. Isulat sa papel ang iyong sagot.

1. $179 + 300 = \underline{\quad}$

2. $245 + 300 = \underline{\quad}$

3. $310 + 500 = \underline{\quad}$

4. $470 + 400 = \underline{\quad}$

5. $505 + 400 = \underline{\quad}$



Isaisip

Base sa isinagawang aktibidad, anu-ano ang iba't ibang estratehiya na maaaring gamitin upang makapag-add ng mga bilang gamit ang isip lamang?



Isagawa

Basahin at unawain ang kuwento.

Namamasada ng traysikel si Kuya Mario araw-araw. Hindi gaanong kalakihan ang kaniyang kinikita tuwing siya ay namamasada.

May araw na masakay at mayroon din namang mahina ang kita. Kapag araw ng Linggo ay kumikita

kadalasan si Kuya Mario ng Php 565. Ang pinakamahina naman niyang kita ay Php 200. Kung ating pagsasamahin ang kita na pinakamalaki at pinakamaliit, magkano ang kinita niya sa dalawang araw?

Narito ang kinita ni Kuya Mario sa loob ng isang linggo.

Mga Araw	Kinita sa pamamasada
Linggo	Php 565
Lunes	Php 380
Martes	Php 410
Miyerkules	Php 330
Huwebes	Php 200
Biyernes	Php 300
Sabado	Php 400

Gamit ang iyong isipan, isulat sa papel kung magkano ang kinita ni Kuya Mario sa mga araw na nakasaad sa tsart.

	Mga Araw	Kinita sa pamamasada
1	Linggo at Sabado	
2	Lunes at Biyernes	
3	Martes at Huwebes	
4	Miyerkules at Biyernes	
5	Huwebes at Linggo	



Tayahin

Isulat sa sagutang papel ang kabuuan. Gamitin ang isip lamang.

1. $172 + 200 = \underline{\quad}$

2. $412 + 300 = \underline{\quad}$

3. $619 + 100 = \underline{\quad}$

4. $707 + 200 = \underline{\quad}$

5. $818 + 100 = \underline{\quad}$



Karagdagang Gawain

Basahin ang sitwasyon. Gamitin ang isip lamang sa pagsusuma. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Kaarawan na ni Alliah ngayong Sabado. Bilang matalik na kaibigan, nais ko siyang regalo. Bumili ako ng bestida na kulay pula sa halagang Php 375. Bumili din ako ng shoulder bag sa halagang Php 200. Magkano lahat ang nabili kong regalo para sa kaarawan ni Alliah?



Susi sa Pagwawasto

<p>Pinatnubayang Pagtatasa 1</p> <p>1. TAMA 2. MALI 3. TAMA 4. MALI 5. TAMA</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <p>1. 403 2. 475 3. 724 4. 756 5. 791</p>	<p>Tukasin</p> <p>1. mga buto ng gulay 2. 960 na buto 3. unang grupo 4. 550 5. 300</p>	<p>Balikan</p> <p>1. 191 2. 200 3. 370 4. 410 5. 600</p>	<p>Subkin</p> <p>1. 323 2. 465 3. 475 4. 642 5. 817</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 2</p> <p>1. A 2. D 3. B 4. E 5. C</p>	<p>Malayang Pagtatasa 1</p> <p>1. 763 2. 725 3. 754 4. 1316 5. 878</p>	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <p>1. 512 2. 433 3. 376 4. 334 5. 412</p>	<p>Pinatnubayang Pagtatasa 2</p> <p>1. KOREK 2. KOREK 3. MALI 4. KOREK 5. MALI</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 2</p> <p>1. 254 2. 635 3. 649 4. 956</p>	<p>Isagawa</p> <p>1. Php 965 2. Php 680 3. Php 610 4. Php 630 5. Php 765</p>	<p>Isaisip</p> <p>Magari tayong gumamit ng partial sums, decomposing sum at compensation method</p>	<p>Malayang Pagtatasa 2</p> <p>1. 479 2. 545 3. 810 4. 870 5. 905</p>	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Ang halaga ng regaling nabili para sa kaarawan ni Allah ay Php 575</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. 372 2. 712 3. 719 4. 907 5. 918</p>
--	--	---	---	--	--	---	---	---	---	---	--	--	--	---

Sanggunian

Boschen, Jessica. 2016. "Compose & Decompose Numbers For Addition & Subtraction". *What I Have Learned*.<https://www.whatihavelearnedteaching.com/composing-and-decomposing-numbers-for/>.

Catud, Herminio Jose, Shierley Ferera, Danilo Padilla, and Rogelio Candido. 2013. "*K To 12 Grade 2 Learning Material in Mathematics*". Accessed April 4, 2020. *Slideshare.Net*.<https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mathematics>.

LR Portal. Accessed April 4, 2020. *Deped LR Portal*.
<https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5455>.

"Using Mental Math Tricks - Addition". 2014. *K5learning.Com*.<https://www.k5learning.com/blog/using-mental-math-tricks-addition>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph